


7

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 2: Kahalagahan ng Ugnayan ng Tao at Kapaligiran



## **Araling Panlipunan – Baitang 7**

### **Alternative Delivery Mode**

### **Unang Markahan – Modyul 2: Kahalagahan ng Ugnayan ng Tao at Kapaligiran**

### **Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rosalie H. Ventilacion

**Editor:** Rosario G. Caluya, Florenil M. Malabayabas, Diana P. Nobleza,  
Marineil S. Perez

**Tagasuri:** Pedro J. Dandal Jr., Margielyn E. Tomanggong, Nora A. Nangit  
Joseph L. Lozanta, Thelma M. Salvacion

**Tagaguhit:** Teodorico A. Cabildo, Sergio M. Tupaz, Eric M. Montemar

**Tagalapat:** Esperidion D. Soleta Jr.

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Melbert S. Broqueza

Danilo C. Padilla

Freddie Rey R. Ramirez

Aurelia B. Marquez

Rodgie S. Demalinao

Pedro J. Dandal Jr.

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

#### **Department of Education – MIMAROPA Region**

Office Address: Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telephone Number: (02) 6314070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

**Unang Markahan - Modyul 2:  
Kahalagahan ng Ugnayan ng Tao  
at Kapaligiran**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin

Sa nakaraang aralin, nagkaroon ka ng kaalaman tungkol sa konsepto ng Asya tungo sa paghahating Heograpiko. Natutuhan mo na may limang rehiyon ang Asya. Ang mga ito ay ang Silanganng Asya, Timog-Silangang Asya, Timog Asya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya/ Gitnang Asya. Ngayon sa bagong aralin ay mas lalawak ang iyong kaalaman tungo sa katangian ng kapaligirang pisikal sa mga rehiyon ng Asya ayon sa kaniyang kinaroroonan, hugis, sukat, anyo, klima at “*vegetation cover*” (*tundra, taiga, grasslands, desert, tropical forest, mountain lands*).

### Pamantayang Pangnilalaman

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.


### Pamantayan sa Pagganap

Ang mag-aaral ay malalim na nakapag-uugnay-ugnay sa bahaging ginampanan ng kapaligiran at tao sa paghubog sa sinaunang kabihasnang Asyano.

### Pamantayan sa Pagkatuto

Napapahalagahan ang ugnayan ng tao at kapaligiran sa paghubog ng kabihasnang Asyano. **(AP7HAS-Ia-1)**

Handa ka na bang tumuklas ng mga bagong kaalaman? Halina’t sagutan ang sumusunod na gawain. Ito ay makatutulong sa iyong pang unawa sa ating paksa.



## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang itinuturing na pinakamataas na bundok sa buong mundo na may taas na halos 8,850 metro?
  - A. Mt Everest
  - B. Mt Fuji
  - C. Mt Pinatubo
  - D. Mt Kanchenjunga

2. Ano ang pinakamalaking archipelagic state sa buong mundo na may humigit kumulang 13,000 na pulo?
  - A. Indonesia
  - B. Pilipinas
  - C. Japan
  - D. Brunei
  
3. Ano ang tawag sa isang uri ng anyong lupa na nakausli sa karagatan ng Asya?
  - A. Kapatagan
  - B. Tangway
  - C. Talampas
  - D. Disyerto
  
4. Alin sa sumusunod ang **HINDI** nagpapahayag ng mahalagang papel na ginagampanan ng mga anyong lupa sa pamumuhay ng mga Asyano?
  - A. Nagsisilbi itong panirahan ng mga tao
  - B. Nililinang ng mga tao ang mga kagubatan para sa pananim
  - C. Ang mga bulubundukin ay nagsisilbing likas na tanggulan
  - D. Nakakapagbigay ito ng malaking suliranin sa pamumuhay ng mga tao
  
5. Ano ang mahahalagang ilog na nagsilbing lunduyan ng mga kabihasan hindi lamang sa Asya kundi sa buong daigdig?
  - A. Tigris at Euphrates, Indus, Huang Ho
  - B. Ilog ng Lena
  - C. Ilog ng Amu Darya
  - D. Yangtze
  
6. Bakit mahalaga sa sinaunang kasaysayan ang *Callao Man*?
  - A. Dahil ito ang Pinakamatandang Ebidensiya
  - B. Dahil ito ang Pinakamatandang Labi
  - C. Dahil ito ang Tao sa Kapuluan
  - D. Lahat ng nabanggit
  
7. Alin sa sumusunod ang sumusuporta sa ugnayan ng tao at kapaligiran?
  - A. Kapaligiran ko, tahanan ko
  - B. Kumukuha ng ikabubuay sa kapaligiran
  - C. Kapaligiran lundayan ng pamumuhay
  - D. Lahat ng nabanggit
  
8. Alin sa sumusunod ang dapat gawin ng mga tao upang mapahalagahan ang kaniyang kapaligiran? Siya ay dapat \_\_\_\_\_.
  - A. gumamit ng dinamita
  - B. magputol ng kahoy
  - C. magtapon ng plastik sa dagat
  - D. huwag magtapon ng basura sa dagat

9. Alin sa sumusunod na pangungusap ang tamang pahayag ukol sa klimang tropikal?
- Mayroong labis o di kaya'y katamtamang init o lamig ang lugar na ito.
  - Nakararanas ang mga bansa dito ng iba-ibang panahon.
  - Nakararanas ang mga bansa ng tag-init, taglamig, tag-araw, at tag-ulan
  - Nakararanas ang mga bansa dito ng mahabang taglamig.
10. Alin sa sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa katangiang pisikal ng Hilagang Asya?
- Ang kabundukang Ural na nasa rehiyong ito ang humahati sa mga kontinente ng Europe sa Asya.
  - Ang *Fertile Crescent* na nagtataglay naman ng matatabang lupa at saganang suplay ng tubig.
  - Mainit sa rehiyong ito maliban sa mga kabundukan na nananatiling malamig dahil sa niyebe o yelo.
  - Samantala, sa pamamagitan ng Sea of Japan at Korean Strait, ang bansang Japan ay nahihwalay sa mismong lupain ng Silangang Asya.
11. Kayo ay naatasang magsaliksik tungkol sa mga anyong lupa at ipinalalarawan ang katangian ng bawat anyo. Paano mo ilalarawan ang **arkipelago o kapuluan**?
- Ito ay isang buong masa ng kalupaan.
  - Ito ay binubuo ng mga pulo.
  - Ito ay nakausli sa karagatan
  - Ito ay kapatagan na nasa ibabaw ng bundok.
12. Ito ay uri ng behetasyon na inilararawan bilang damuhan at kagubatan at karaniwang makikita sa bansang Myanmar at Thailand na nasa Timog-Silangang Asya. Anong behetasyon ang inilalarawan dito?
- Prairie
  - Savanna
  - Taiga
  - Rainforest
13. Hindi lingid sa ating kaalaman na lahat ng bagay ay may limitasyon at katapusan. Bilang mag-aaral papaano ka makatutulong upang mapanatili ang mga likas na yaman ng iyong lugar para sa susunod pang henerasyon?
- Sasama ako sa mga illegal loggers na walang habas na pumuputol ng mga puno sa kagubatan.
  - Makikiisa ako sa aking mga kanayon sa pagsusulong ng mga gawaing makakabuti sa aming lugar tulad ng pagtanim ng puno sa mga nakakalbo nang kabundukan.
  - Ipagwawalang - bahala ko na lamang ang lahat dahil naririyang ang aking mga kapuwa para sila ang gumawa ng mga hakbang sa paglutas.
  - Mananahimik na lamang ako upang hindi madamay.

14. Alin sa sumusunod na pahayag ang **HINDI** kabilang sa mga katangiang pisikal ng kontinente ng Asya?
- A. Ang hangganan ng Asya ay maaaring nasa anyong lupa o anyong tubig.
  - B. Ang Asya ay tahanan ng iba't ibang uri ng anyong lupa tulad ng tangway, kapuluan, bundok, kapatagan, talampas, disyerto at kabundukan.
  - C. Taglay ng Asya ang napakaraming uri ng behetasyon tulad ng savanna, prairie, rainforest, taiga at tundra.
  - D. Ang iba't ibang panig ng Asya ay nagtataglay lamang ng iisang uri ng klima.
15. Ang Asya ay halos napaliligiran ng karagatan at dagat. Ang mga ito ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pamumuhay ng mga Asyano. Alin dito ang **HINDI** kabilang sa mahahalagang papel ng karagatan at dagat?
- A. Ito ay nagsisilbing likas na depensa laban sa mga kalamidad.
  - B. Ito ang naging lunduyan ng mga sinaunang kabihasan.
  - C. Ito ang pinagkukunan ng iba't ibang yamang dagat at mineral.
  - D. Ito ang nagsisilbing rutang pangkalakalan at sa paggalugad.



## Aralin

# 1

# Kahalagahan ng Ugnayan ng Tao at Kapaligiran



## Balikan

### Gawain: Mapa Suri!

**Panuto:** Matapos mong subukin ang iyong kaalaman patungkol sa Katangiang Pisikal ng Asya, atin namang balikan kung naunawaan mo nga ang nakaraang talakayan. Tukuyin kung anong Rehiyon ng Asya ang mga nasa larawan. Gawin ito sa inyong sagutang papel.






## Tuklasin

### Gawain: Tayo Na at Maglakbay!

Sa pagkakataong ito, atin namang lakbayin ang mga magagandang lugar sa Asya sa pamamagitan ng mga larawan na nasa ibaba.


**Panuto:** Tukuyin kung saang panig ng Asya ito matatagpuan. Lagyan ng katumbas na hugis ang mapa kung saang lugar sa tingin mo makikita ang mga larawan na nasa kahon. Gawin ito sa sagutang papel. Handa ka na ba?



URAL MOUNTAINS



HIMALAYAS MOUNTAIN RANGES



GOBI DESERT



PURAO ISLAND



Taglay ang iyong kakayahan at kaalaman sa mga aralin ng modyul na ito, aalamin mo ngayon ang wastong kasagutan sa mga tanong. Sa pagtungo mo sa susunod na bahagi, dito ay uunawain mo sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga teksto upang magkaroon ka ng sapat na kaalaman na magagamit mo sa paggawa ng proyekto pagkatapos ng aralin. Sa pagkakataong ito mas mabibigyang-linaw ang mga katangian ng kapaligirang pisikal sa mga rehiyon ng Asya ayon sa kaniyang kinaroroonan, hugis, sukat, anyo, klima at “vegetation cover” (*tundra, taiga, grasslands, desert, tropical forest, mountain lands*).



## **Suriin**

### **Gawain: Basa Suri!**

**Panuto:** Basahin at unawin mo ang teksto na patungkol sa mga katangian ng kapaligirang pisikal sa mga rehiyon ng Asya.

#### **Mga uri ng Anyong Lupa**


**1. Bulubundukin o hanay ng mga bundok.** Pinakatanyag ay ang Himalayas na may habang umaabot sa 2,415 kilometro. Ang Hindu Kush (Afghanistan), Pamir (Pakistan, Afghanistan, Tajikistan, at Kyrgyzstan), Tien Shan (Hilagang Asya), Ghats (Timog Asya), Caucasus Azerbaijan, George Russia, at Armenia) at ang Ural (Kanlurang Asya) ay ilan din sa mga bulubundukin ng Asya. Kadalasang pinapangkat sa dalawang kabundukan sa Asya. Ang una ay nagmumula sa hilagang-silangan dulo ng Asya malapit sa Bering Strait na tumatahak pahilig patungong Afghanistan at Pakistan, samantalang ang ikalawa naman ay nagmumula sa kanlurang bahagi ng Asya partikular sa Turkey patungong Iran na

mula sa mga bansang ito ay tumatahak pahalang patungong Himalayas, bababa sa Myanmar at tangway ng Malay.

Ang dalawang sistema ng kabundukang ito ay magtatagpo sa Afghanistan at Pakistan. Sa Himalayas ay ang pinakamataas na bundok sa buong mundo na may taas na halos 8,850 metro, pangalawa ang K2 (8,611 metro) na nasa Pakistan / China. Pangatlo naman ang Mt. Kanchejunga (8,586 metro) na nasa Himalayas din.


**2. Bundok.** Ang Mt. Everest na nakahanay sa Himalayas ay ang pinakamataas na bundok sa buong mundo na may taas na halos 8,850 metro, pangalawa ang K2 (8,611 metro) na nasa Pakistan / China. Pangatlo naman ang Mt. Kanchejunga (8,586 metro) na nasa Himalayas din.

**3. Talampas** o ang kapatagan sa itaas ng bundok. Ang Tibetan Plateau na itinuturing na pinakamataas na talampas sa buong mundo (16,000 talampakan) at tinaguriang Roof of The World ay nasa Asya. Ang talampas ng Deccan na nasa katimugang bahagi ng Indo-Gangetic Plain ng India ay kilala rin.



TIBETAN PLATEAU

**4. Disyerto.** Ang Gobi Desert (Mongolia at Hilagang China, 1,295,000 kilometro kwadrado) na siyang pinakamalaki sa Asya at pang-apat sa buong mundo ay isa lamang sa mga disyertong matatagpuan sa Asya. Makikita rin dito ang mga disyerto na Taklamakan (China), Karakum (Turkmenistan), at mga disyerto sa Iraq, Iran, Saudi Arabia, at India.




GOBI DESERT

**5. Kapuluan o Arkipelago** ay pangkat ng mga pulo na marami sa Asya tulad ng Indonesia, ang pinakamalaking archipelago state sa buong mundo na binubuo ng humigit-kumulang na 13,000 mga pulo. Ang Pilipinas at ang Japan ay kabilang din sa mga bansang binubuo ng kapuluan.




KAPULUAN NG INDONESIA

**6. Pulo.** Umaabot sa 1,994,300 kilometro kuwadrado ang kabuoang sukat ng mga pulo sa Asya at kabilang dito ang Cyprus sa kanluran; Andaman, Sri Lanka, at mga pulo ng Maldives sa katimugan; Borneo, Java Sumatra, at mga pulo ng Pilipinas sa Timog-Silangan; Hainan, Taiwan, Sakhalin, Kuril, at mga Pulo sa Japan sa silangan; at Wrangel, New Siberian, Zemlya, at Severnaya sa hilaga.




PURAO ISLAND

**7. Tangway o Peninsula.** Lupain din ng mga tangway o anyong lupang nakausli sa karagatan ang Asya. Tinatayang nasa 7,770,000 kilometro kuwadrado ang sukat nito. Ilan sa mga ito ay ang Turkey sa kanluran; Arabia, India, Indochina, at Malay sa katimugan; Korea, Kamchatka, at Chukotsk sa silangan; at Taymyr, Gyda, at Yamal sa hilaga (bahagi sa Siberia).



INDIA PENIINSULA

**8. Kapatagan.** Halos sangkapat (1/4) na bahagi ng lupain ng Asya ay kapatagan. Ang Indo-Gangetic Plain at malaking bahagi ng Timog Silangang Asya ay bahagi nito.



KAPATAGAN NG PILIPINAS

Bukod sa pinakapangunahing lugar na panirahan ng tao, ang biyayang hatid ng mga anyong lupa sa tao ay nakapagdulot ng malaking impluwensiya sa kanilang kultura at pamumuhay. Ang mga bulubundukin ay nagsisilbing likas na tanggulan o depensa ng isang lugar, at proteksiyon o harang sa malalakas na bagyo at sigwa. Ang ilang mga disyerto, baybay-gilid, at kabundukan sa iba't ibang bahagi ng Asya ay nagtataglay ng samotsaring yamang mineral – mga metal, di-metal at gas. Sa mga bundok at gubat ay nakukuha ang mga bungang-kahoy, mga herbal na gamot, at mga hilaw na materyales, bukod sa panirahan ng mga hayop at mga wildlife. Binubungkal, sinasaka, at nililinang ng tao ang mga kapatagan at mga lambak para

sa mga pananim, ang mga damuhan at mga burol ay ginagawang pastulan. Ang paggamit ng tao sa iba't ibang uri ng anyong lupa ay nakapag-ambag sa paghubog ng kaniyang uri ng pamumuhay at ng kabihasanan.



Mapapansing ang kontinente ng Asya ay halos napaliligiran ng mga **karagatan at mga dagat**. Isa-isahin mo ang mga ito. Masasabi mo ba na malaking bahagi ng hangganan ng Asya mula sa iba pang mga kontinente ay mga anyong tubig? Ang mga karagatang ito ay gumaganap ng mahalagang papel sa pamumuhay ng mga Asyano dahil ang mga ito ay nagsisilbing likas na depensa, rutang pangkalakalan at sa paggagalugad, at pinagkukunan ng iba't ibang yamang dagat at yamang mineral.

Sanggunian: Blando, Rosemarie, et. al. *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Modyul ng Mag-aaral)*, Department of Education, 2014, 21-23

### **Mga Vegetation Cover ng Asya**

Ang **vegetation** o uri o dami ng mga halaman sa isang lugar tulad ng pagkakaroon ng kagubatan o damuhan ay epekto ng klima nito. Sa Hilagang Asya, ang katangiang pisikal ng kapaligiran nito ay ang pagkakaroon ng malawak na damuhan o grasslands na nahahati sa tatlong uri: ang steppe, prairie, at savanna.

Ang **steppe** ay uri ng damuhang may ugat na mabababaw o shallow-rooted short grasses. Maliliit ang damuhan sa lupaing ito dahil tumatanggap lamang ito ng 10-13 pulgada ng ulan. Sa hilagang bahagi ng mga steppe ng Russia at Manchuria at maging sa Mongolia matatagpuan ang **prairie**, ang lupaing may damuhang matataas na malalim ang ugat o *deeply-rooted tall grasses*.





Samantalang ang **savanna** naman na matatagpuan sa Timog-Silangang Asya partikular sa Myanmar at Thailand ay lupain ng pinagsamang mga damuhan at kagubatan. Ang mga taong naninirahan sa mga steppe, prairie, at savanna ay kadalasang nakatuon sa pagpapastol at pag-aalaga ng mga hayop tulad ng baka at tupa na pinagkukunan nila ng lana, karne, at gatas. Ang mga lambak-ilog at mabababang burol ay ginagawa nilang taniman.

Ang boreal forest o **taiga** (rocky mountainous terrain) ay matatagpuan din sa Hilagang Asya partikular na sa Siberia. Coniferous ang mga kagubatang ito bunsod ng malamig na klima dahil sa presipitasyon na maaaring nasa anyong yelo o ulan.

Sa bahagi ng Russia at sa Siberia matatagpuan ang tundra o *treeless mountain tract*. Kakaunti ang mga halamang tumatakip at halos walang puno sa lupaing ito dahil sa malamig na klima. Ang lupaing malapit sa baybayin ng *Arctic Ocean* ang saklaw ng behetasyong ito. Sa Timog-Silangang Asya at sa mga bansang nasa *torrid zone* ang biniyayaan ng **tropical rainforest** dahil sa mainam na klima nito na halos may pantay na panahon ng tag-ulan at tag-araw.

Sanggunian: Blando, Rosemarie, et. al. *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Modyul ng Mag-aaral)*, Department of Education, 2014, 29



## Ang mga Klima ng Asya

Narito ang isang talahanayan na nagpapakita ng iba't ibang uri ng klima sa mga rehiyon ng Asya. Basahin at unawain mo itong mabuti. Batay sa mga datos at paglalarawan, bumuo ka ng paghihinuha kung paano nagkakaugnay ang tao at ang kapaligiran sa paghubog ng kabihasnang Asyano.

<b>Mga Uri ng Klima sa Asya</b>	
<b>Rehiyon</b>	<b>Katangian ng Klima</b>
Hilagang Asya	Sentral Kontinental. Mahaba ang taglamig na karaniwang tumatagal ng anim na buwan, at maigsi ang tag-init, ngunit may ilang mga lugar na nagtataglay ng matabang lupa. Gayonpaman, malaking bahagi ng rehiyon ay hindi kayang tirahan ng tao dahil sa sobrang lamig.
Kanlurang Asya	Hindi palagian ang pagbabago ng klima. Maaaring magkaroon ng labis o di kaya'y katamtamang init o lamig ang lugar na ito. Bihira at halos hindi nakararanas ng ulan ang malaking bahagi ng rehiyon. Kung umulan man, ito'y kadalasang bumabagsak lamang sa mga pook na malapit sa dagat.
Timog Asya	Iba-iba ang klima sa loob ng isang taon. Mahalumigmig kung Hunyo hanggang Setyembre, taglamig kung buwan Disyembre hanggang Pebrero, at kung Marso hanggang Mayo, tag-init at tagtuyot. Nananatiling malamig dahil sa niyebe o yelo ang Himalayas at ibang bahagi ng rehiyon.
Silangang Asya	Monsoon climate ang uri ng klima ng rehiyon. Dahil sa lawak ng rehiyong ito, ang mga bansa rito ay nakararanas ng iba-ibang panahon: mainit na panahon para sa mga bansang nasa mababang latityud, malamig at nababalutan naman ng yelo ang ilang bahagi ng rehiyon.
Timog Silangang Asya	Halos lahat ng bansa sa rehiyon ay may klimang tropial nakararanas ang mga ito ng tag-init, taglamig, tag araw at tag-ulan.

Sanggunian: Blando, Rosemarie, et. al. *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Modyul ng Mag-aaral)*, Department of Education, 2014, 31-32




## ANG KATANGIANG PISIKAL NG MGA REHIYON SA ASYA

### Hilagang Asya



Ang kabundukang Ural na nasa rehiyong ito ang humahati sa mga kontinente ng Europe sa Asya. Ang Bering Sea ang nag-uugnay sa Hilagang Asya at Alaska.

### Kanlurang Asya



Ang kanlurang Asya ay nakatalaga sa pangkontinental na bahagi ng Asya at sa hilagang silangang bahagi ng Africa. Nahahati ito sa tatlong rehiyong pisikal: *Northern tier* na lupain ang kabundukan at talampas, Arabian Peninsula na isang malawak na tangway na pinaliligiran ng iba't ibang anyong tubig. Ang *Fertile Crescent* na nagtataglay naman ng matatabang lupa at saganang suplay ng tubig.

## Timog Asya




May anyong lupang hugis tatsulok ang Timog Asya na may hangganang Indian Ocean sa Timog at kabundukan ng Himalayas sa Hilaga. Sa kanlurang bahagi ng rehiyon nakalatag ang mga bansang Afghanistan, Pakistan, at India, sa silangan ay Bangladesh, sa dakong hilaga ay ang mga bansang Bhutan, at ang mga pulo ng Sri-Lanka at Maldives sa timog. Mainit sa rehiyong ito maliban sa mga kabundukan na nananatiling malamig dahil sa niyebe o yelo.

## Silangang Asya



Malaking bahagi ng kalupaan ng Asya ay sakop ng rehiyong Silangang Asya partikular na ang China na sumasakop sa 20% sukat ng kontinente. Ang mga bansang Japan at Korea ay halos 5% ng lupaing ng Silangang Asya, ang rehiyong ito ay may mga pisikal na hangganan tulad ng Gobi Desert, Mongolian-Tibetan Plateau at ang Himalayas. Ang mga ilog ng Huang Ho, Yangtze, at Xi Jiang ay ang tatlong pinakamalagang ilog sa pamumuhay ng mga Tsino dahil sa nagpapataba ito ng mga lupain at ginagamit na ruta para sa pakikipagkalakalan. Samantala, sa pamamagitan ng Sea of Japan at Korean Strait, ang bansang Japan ay nahihwalay sa mismong lupain ng Silangang Asya. Binubuo ito ng apat na malalaking isla; ang Kyushu, Shikoku, Honshu at Hokkaido.

## Timog - Silangang Asya



Ang kahabahaan ng Timog – Silangang Asya ay makikita sa Timog ng China at Japan. Ang India ang nasa Hilagang Kanluran at Pacific Ocean naman sa Silangan bahagi. Dahil sa kaaya-ayang klima nito, magubat na kabundukan ang nasa hilaga ng rehiyon at mga lambak – ilog naman sa timog.

Timog-Silangang Asya: Ang Pangkontinenteng Timog-Silangang Asya o Mainland Southeast Asia, isang tangway na nasa pagitan ng South China Sea at Indian Oceans ang malaking bahagi ng lupain ay kabundukan. Kilala ang ilog ng Irrawaddy, Salween, Chao Phraya, Mekong at Red River. Ang pangkapuluang Timog-Silangang Asya o Insular Southeast Asia naman ay binubuo ng mga kapuluang nakalatag sa karagatan kabilang ng mga isla sa Pilipinas, Indonesia, East Timor. Ang ilan sa mga kapuluang ito ay (kasama ang Japan) ay kabilang sa rehiyong Pacific Ring of Fire dahil hitik sa mga bulkan ang lugar na maaari itong magdulot ng paglindol dulot ng kanilang pagsabog.

Sanggunian: Blando, Rosemarie, et. al. *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Modyul ng Mag-aaral)*, Department of Education, 2014, 35-37


### **Ang Pisikal na Heograpiya ng Asya**

Napakaimportante ang pag-unawa sa pisikal na kapaligiran ng Asya. Ang kapaligiran ay may napakalaking impluwensiya sa pamumuhay at paghubog ng kabihasnang Asyano. Ang mga kaganapan sa kasaysayan at pagbabagong kultural ay maaaring hatid at epekto ng kapaligirang ginagalawan ng tao.

- ❖ Ang Asya ay tahanan ng iba't ibang uri ng anyong lupa at nagkaroon ito ng malaking ugnayan sa paghubog ng iba't ibang kabihasnang Asyano.
- ❖ Ang idinidikta ng katangiang pisikal ng lugar kung saan naninirahan ang mga sinaunang Asyano ang humubog sa kanilang pamumuhay.

### **Pamprosesong Tanong:**


1. Bakit mahalaga ang kapaligiran sa paghubog ng kabihasnang tao? Ipaliwanag.
2. Sa paanong paraan mo pahahalagahan ang iyong kapaligiran para sa iyong kinabukasan?



## Pagyamanin

### Gawain 1: Tumpak!


**Panuto:** Tukuyin ang tamang sagot sa sumusunod na pahayag. Gamiting gabay ang mga salitang nasa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



- \_\_\_\_\_ 1. Kilala ito bilang pinakamalamig na disyerto sa buong mundo.
- \_\_\_\_\_ 2. Ito ay isang uri ng damuhan na may matataas na damo at may malalim na ugat.
- \_\_\_\_\_ 3. Ito ay tinatawag na treeless mountain tract.
- \_\_\_\_\_ 4. Uri ng klima na nararanasan ng mga lugar na malapit sa ekwador.
- \_\_\_\_\_ 5. Itinuturing itong pinakamalalim na lawa sa buong mundo.

### Gawain 2: Web

**Panuto:** Punan ang mga bilog sa Spider Web ng mga uri ng Klima sa Asya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



### Gawain 3: Kinororoonan ko, Hanapbuhay ko!

**Panuto:** Punan ang talahanayan ng angkop na hanapbuhay ayon sa klima. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Bansa	Klima/Panahon	Hanapbuhay
1. Iraq, Iran, Yemen,	Semi-arid na klima	
2. India	Klimang Monsoon	
3. Tsina	Temperate	
4. Siberia	Tundra	
5. Pilipinas	Tropical	




### Isaisip

Nasa kalagitnaan ka na ng iyong paglalakbay sa araling ito, at ilang pagsasanay na lamang ay makabubuo ka na ng pag-unawa tungkol sa aralin. Kung kaya't ngayon, matapat mong punan ng paglalahad ng iyong kaisipan sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

*Sa araling ito, aking natuklasan na ang pisikal na katangian ng mga rehiyon sa Asya ay \_\_\_\_\_ na nakaiimpluwensiya sa pamumuhay at kultura ng mga Asyano sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_*

Binabati kita dahil sa matagumpay mong paglinang ng aralin, taglay mo na ang mga mahahalagang detalye tungkol sa katangiang pisikal ng Asya. Sa pagkakataon namang ito, pahahalagahan mo ang ugnayan ng kinaroroonan, anyo, hugis, klima at vegetation cover ng mga katangiang pisikal ng Asya sa pamamagitan ng pagsasagawa sa susunod na gawain.



## Isagawa

### Gawain 1: Halina't Ating Punan!

Batay sa iyong pagbabasa ng teksto sa bahagi ng SURIIN, ilarawan ang mga katangian ng kapaligirang pisikal sa mga rehiyon ng Asya katulad ng kinaroroonan, hugis, sukat, anyo, klima at “*vegetation cover*” (*tundra, taiga, grasslands, desert, tropical forest, mountain lands*) sa pamamagitan ng data retrieval chart. Pupunuan mo ng mga datos ang data retrieval chart na makikita sa kahon na nasa ibaba. Maaari mong balikan ang mga teksto tungkol sa katangian ng kapaligirang pisikal ng Asya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

KATANGIANG PISIKAL NG ASYA					
	Kinaroroonan	Hugis	Anyo	Klima	Vegetation Cover
Hilagang Asya					
Kanlurang Asya					
Timog Asya					
Silangang Asya					
Timog Silangang Asya					

### Gawain: Q&A Portion!

**Panuto:** Sagutin mo ang sumusunod na katanungan tungkol sa katangiang pisikal ng Asya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


1. Ano-ano ang mga pagkakatulad sa katangiang pisikal ng Hilagang Asya, Kanlurang Asya, Silangang Asya, Timog Asya, at Timog Silangang Asya? Ipaliwanag.
2. Kung iuugnay natin sa kasalukuyang panahon, ano ang isa sa pinakamahalagang gampanin ng katangiang pisikal ng Asya sa pamumuhay ng mga Asyano?
3. Bakit kailangang pahalagahan ang ating kapaligiran? Ipaliwanag.
4. Bilang Asyano, ano ang iyong magiging kapakinabangan sa pagkakaroon ng ganap na kaalaman tungkol sa mga kapaligirang pisikal ng Asya? Sa paanong paraan mo ito pahahalagahan? Ipaliwanag.

## Gawain 2: Pinta Husay!

Ngayong natutuhan mo na ang mga katangiang pisikal ng Asya, gagawa ka ng isang larawan ng inyong lugar na maipagmamalaki. Iguhit ang lugar na iyong naisip, at gumawa rin ng maikling pagpapaliwanag kung paano ito nakaaapekto sa mga taong naninirahan sa inyong lugar. Gawin ito sa isang malinis na papel.

### RUBRIK PARA SA PAGPINTA

<b>Ebidensya ng kakayahang maglapat ng kaalaman sa bagong sitwasyon</b>	<b>1</b>	<b>2</b>	<b>3</b>	<b>4</b>	<b>5</b>
<b>Malinis at maayos na pagkakaguhit at pagkakakulay</b>	<b>1</b>	<b>2</b>	<b>3</b>	<b>4</b>	<b>5</b>
<b>Malikhain at may malakas na pang-akit</b>	<b>1</b>	<b>2</b>	<b>3</b>	<b>4</b>	<b>5</b>
<b>Dating sa nagwawasto</b>	<b>1</b>	<b>2</b>	<b>3</b>	<b>4</b>	<b>5</b>



## Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto, pagkatapos ay sagutan ang sumusunod na katanungan. Piliin lamang ang titik ng tamang sagot, at isulat sa iyong sagutang papel.

**Para sa mga bilang 1-3 basahin ang teksto sa ibaba.**

Si Pia ay isang Pilipinong tourist guide. Tinatangkilik niya ang mga lugar sa Pilipinas. Dahil dito maraming mga dayuhang turista ang nahikayat na sila ay makapamasyal sa mga lugar sa Pilipinas. Ang Pilipinas ay mayaman sa mga katangiang pisikal. Nariyan ang pamosong Mt. Apo sa Mindanao na tanyag sa kataasan na umaabot ng 9,692 ft. Ang Laguna de Bay sa Laguna na ubod ng lawak na umaabot ng 352-366 milya kuwadrado. Ang Ilog Pasig na naisalba sa pagkawala na may taglay pa ring karikitan na may 15.5 milya at ang ipinagmamalaki ng Ifugao,


ang Banawe Rice Terraces na may sukat na 1500 meters 5000 talampakan. Natapos ang kanilang pamamasyal na may ngiti sa mga labi dahil sa napagmasdan nilang kagandahan.

1. Ano ang pagkakapareho ng mga katangiang pisikal na matatagpuan sa Pilipinas ayon sa nabasang teksto?
  - A. Anyo
  - B. Lawak
  - C. Lugar
  - D. Sukat
2. Alin sa sumusunod ang **HINDI** magiging resulta ng wastong paggamit ng tao sa mga kapaligirang likas?
  - A. Maipagmamalaki sa mga dayuhan
  - B. Makatutulong sa Pagsulong
  - C. Mananatili sa pagkasira
  - D. Tatangkilikin ng nakararami
3. Ano ang mangyayari kung mga tour guide ay may katangiang tulad ng kay Pia?
  - A. Marami ang pupunta at mamamasyal sa Pilipinas
  - B. Marami pang mga likas na yaman ang makikilala
  - C. Marami sa mga dayuhan ang uuwing may ngiti sa labi
  - D. Malaki ang iuunlad ng turismo sa Pilipinas
4. Ito ay isang uri ng behetasyon na nagtataglay ng damuhan at kagubatan at karaniwang makikita sa bansang Myanmar at Thailand na nasa Timog-Silangang Asya. Anong behetasyon ang inilalarawan dito?
  - A. Prairie
  - B. Savanna
  - C. Taiga
  - D. Tundra
5. Alin sa mga na pahayag ang **HINDI** kabilang sa mga katangiang pisikal ng kontinente ng Asya?
  - A. Ang hangganan ng Asya ay maaaring nasa anyong lupa o anyong tubig.
  - B. Ang Asya ay tahanan ng iba't ibang uri ng anyong lupa tulad ng tangway, kapuluan, bundok, kapatagan, talampas, disyerto at kabundukan.
  - C. Taglay ng Asya ang napakaraming uri ng behetasyon tulad ng savanna, prairie, rainforest, taiga at tundra.
  - D. Ang iba't ibang panig ng Asya ay nagtataglay lamang ng iisang uri ng klima.



6. Ano ang pinakamataas na bundok sa buong mundo na may taas na halos 8,850 metro?
  - A. Mt. Everest
  - B. Mt. Fuji
  - C. Mt. Pinatubo
  - D. Mt. Kanchenjunga
  
7. Ano ang pinakamalaking archipelagic state sa buong mundo na may humigit kumulang 13,000 na pulo?
  - A. Indonesia
  - B. Pilipinas
  - C. Japan
  - D. Brunei
  
8. Alin sa sumusunod ang **HINDI** maituturing bilang mahalagang papel na ginagampanan ng mga anyong lupa sa pamumuhay ng mga Asyano?
  - A. Nagsisilbi itong panirahan ng mga tao
  - B. Nililintang ng mga tao ang mga kagubatan para sa mga pananim
  - C. Ang mga bulubundukin ay nagsisilbing likas na tanggulan o depensa ng isang lugar.
  - D. Nakakapagbigay ito ng malaking suliranin sa pamumuhay ng mga tao.
  
9. Ano ang mahahalagang ilog na nagsilbing lunduyan ng mga kabihasanan hindi lamang sa Asya kundi sa buong daigdig?
  - A. Tigris at Euphrates, Indus, Huang Ho
  - B. Ilog ng Lena
  - C. Ilog ng Amu Darya
  - D. Yangtze
  
10. Ano ang pinakamalaking lawa sa mundo?
  - A. Lake Baikal
  - B. Caspian Sea
  - C. Aral Sea
  - D. Dead Sea
  
11. Ano ang tawag sa isang uri ng anyong lupa na nakausli sa karagatan ng Asya?
  - A. Kapatagan
  - B. Tangway
  - C. Talampas
  - D. Disyerto
  
12. Ano ang tawag sa uri ng damuhang may ugat na mababaw o shallow-rooted short grasses?
  - A. Steppe
  - B. Prairie
  - C. Taiga
  - D. Savanna

13. Ano ang uri ng behetasyon na inilalarawan bilang coniferous ang mga kagubatang ito bunsod ng malamig na klima dahil sa presipitasyon na maaaring nasa anyong yelo o ulan?
- Steppe
  - Prairie
  - Taiga
  - Savanna
14. Alin sa sumusunod na pangungusap ang tamang nagpapaliwanag ukol sa klimang tropikal?
- Mayroong labis o di kaya'y katamtamang init o lamig ang lugar na ito.
  - Nakararanas ang mga bansa dito ng iba-ibang panahon.
  - Nakararanas ang mga bansa dito ng tag-init, taglamig, tag-araw, at tag-ulan
  - Nakararanas ang mga bansa dito ng mahabang taglamig.
15. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa katangiang pisikal ng Hilagang Asya?
- Ang kabundukang Ural na nasa rehiyong ito ang humahati sa mga kontinente ng Europe sa Asya.
  - Ang *Fertile Crescent* na nagtataglay naman ng matatabang lupa at saganang suplay ng tubig.
  - Mainit sa rehiyong ito maliban sa mga kabundukan na nananatiling malamig dahil sa niyebe o yelo.
  - Samantala, sa pamamagitan ng Sea of Japan at Korean Strait, ang bansang Japan ay nahihwalay sa mismong lupain ng Silangang Asya.



## Karagdagang Gawain


### Gawain: Humihirit!

Sagutin mo ngayon ang panghuling katanungan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Ano ang kapakinabangang idinulot sa pamumuhay ng mga Asyano ng mga katangiang pisikal ng Asya? Ipaliwanag.**

### RUBRIC PARA SA PAGSAGOT SA TANONG

Deskripsyon	Iskala	Iskor
1. Kagalingan sa pag-unawa sa paksa	1-5	
2. Kagalingan sa pagsagot sa mga tanong	1-5	
3. Kagalingan sa interpretasyon	1-5	
4. Kagalingan sap ag-uugnay sa ibang isyu	1-5	
5. Kagalingan sa pagbubuod	1-5	



# Susi sa Pagwawasto

**TIMOG ASYA**

**KANLURANG ASYA**      **HILAGANG ASYA**

**TIMOG SILANGANG ASYA**      **SILANGANG ASYA**

**Balikan**

**Subukin**

1. A
2. A
3. B
4. D
5. A
6. D
7. D
8. D
9. C
10. A
11. B
12. B
13. B
14. D
15. A

**Tuklasin**

- Payamanin**
- Gawain 1: Tumpaki**
1. Gobi Desert
  2. Prairie
  3. Tundra
  4. Tropikal
  5. Lake Baikal

**Gawain 2: Web**

Maaaring sumangguni sa pahina 12 ng module

**Gawain 3:**

**Kinororoonan ko, Hanapuhay ko!**

Maaaring magkaroon ng iba-ibang kasagutan ang mga mag-aaral

Deskripsyon	Iskala	Iskor
1. Kagalingan sa pag-unawa sa paksa	1-5	
2. Kagalingan sa pagsagot sa mga tanong	1-5	
3. Kagalingan sa interpretasyon	1-5	
4. Kagalingan sa pag-uugnay sa ibang isyu	1-5	
5. Kagalingan sa pagbuod	1-5	

**Isagawa**

Gawain: O & A portion!

Kinororoonan	Hugis	Tatampas	Anyo	Klima	Vegetation Cover
Nasa hilagang bahagi nito ang Arctic Ocean, ang hilagang bahagi nito ay China, Bering Sea at Pacific Ocean samantalang Afghanistan at Iran sa Timog, Ural Mountains naman ang nasa kanluran nito.	Patatulo	Tatampas, Kabundukan	Kontinental	Sentral	Steppe, Savanna, Prairie, Taiga, Disyerto, Tundra
Black Sea, at Caspian sea ang nasa hilagang bahagi nito. Persian Gulf, Gulf of Oman naman ang nasa hilagang bahagi nito. Silanganang bahagi nito. Nasa Timog naman ang Gulf of Aden at Arabian Sea, Red Sea, Mediterranean Sea naman ang nasa kanlurang bahagi nito.	Irregular ang sukat nito sa watak.	Lambak, Peninsular, Tangway, Kabundukan,	Hindi palagian ang klima.		Grassland, disyerto.
Ang China ang nasa hilagang bahagi, Bay of Bengal ang nasa silangan, Indian Ocean ang nasa timog, at Arabian sea naman ang nasa kanluran.	Tatulo	Tatampas, Peninsular, Tangway, Kabundukan, kapatagan,	Iba-iba ang klima sa loob ng isang taon.		Rainforest, tundra, steppe, savanna, disyerto.
Russia ang nasa hilagang bahagi nito, Pacific Ocean ang nasa silangan ang nasa timog, at Kazakhstan naman ang makita sa kanlurang bahagi nito.	Irregular ang sukat nito sa watak.	Kapatagan, lambak, kabundukan, talampas,	Temperate Monsoon climate.		Rainforest, tundra, steppe, disyerto.

- Tayahin**
1. C
  2. C
  3. B
  4. B
  5. D
  6. A
  7. A
  8. D
  9. A
  10. B
  11. B
  12. A
  13. C
  14. C
  15. A

**Isagawa**

Gawain 1: Halina't Ating

## ***Sanggunian***

Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat  
(DepEd – IMCS). *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba*. Quezon  
City: Enduresources Publishing, Inc., 2014.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)